Bagong 'Access mula AT&T' na Plano + Bagong Pederal na Benepisyo = Libreng Internet

Bagong mga murang plano ng broadband na may bilis na hanggang 100Mbps at walang mga data cap

DALLAS – Pebrero 7, 2022

Pinapababa ng AT&T* ang presyo ng internet sa bahay para sa mga sambahayang karapat-dapat sa pinakamahusay na posibleng buwanang bayarin – $0. Makukuha mula sa araw na ito, ang libreng opsiyong ito ay ginawang posible sa paglangkap ng bagong plano mula sa aming murang Access mula sa AT&T na programa ng pederal na mga benepisyo mula sa Affordable Connectivity Program (ACP).

Parang hindi kapani-paniwala ang libreng internet. Paano ito nagagawang posible ng AT&T?

Ang programang Access mula sa AT&T ay nagbibigay ngayon ng mas mabilis na mga plano sa internet nang hanggang 100 Mbps ng simetrikal na bilis sa $30 bawat buwan, pagtaas mula sa 10 Mbps na maximum na ibinibigay sa aming orihinal na Access mula sa AT&T na plano. Bukod dito, walang cap sa paggamit ng data sa bagong $30 na Access mula sa AT&T na mga plano.[1]

Ang mga kostumer na mas gusto ang aming orihinal na Access mula sa AT&T na mga plano at may bilis na 10Mbps o mas mababa ay hindi na kailangang mag-alala. Puwede pa rin ninyong samantalahin ang maaasahang internet sa aming $5 - $10 bawat buwan na mga plano.[1]

Lahat ng sambahayang kuwalipikado para sa ACP ay magiging kuwalipikado rin para sa aming Access mula sa AT&T na programa, kasama ang pinakabagong bahagdan sa bilis. Ang karapat-dapat na mga sambahayan na sinasamantala ang hanggang $30 bawat buwan na benepisyo ng ACP (o hanggang $75 bawat buwan para sa mga nasa kuwalipikadong mga lupain ng Tribo) ay puwedeng makatanggap ng serbisyo ng internet nang walang buwanang bayad.

Paano ko masasamantala ang libreng internet?

© 2022 AT&T Intellectual Property. All rights reserved. AT&T and the Globe logo are registered trademarks of AT&T Intellectual Property.

Una, kumpirmahing karapat-dapat ka sa benepisyo ng ACP at magpa-apruba sa National Verifier ng pederal na gobyerno sa acpbenefit.org. Pagkatapos, tawagan kami sa (855) 2205211. Beberipikahin namin ang pagka-apruba sa iyo ng ACP at ilalagay ka sa planong may benepisyo ng ACP.

Puwede mong piliing ilapat ang iyong benepisyo ng ACP sa iyong Access mula sa AT&T na plano, o puwede mong ilapat ito sa karamihan ng aming umiiral na mga plano ng AT&T sa Internet. Tingnan kung aling AT&T na mga plano sa internet ang makukuha sa iyong lugar.

Paano kung gusto kong gamitin ang aking benepisyo sa ACP sa mga planong hindi Access mula sa AT&T?

Magtanong lang! Puwede mong ilapat ang benepisyo ng ACP sa halos lahat ng aming umiiral na mga plano ng AT&T sa Internet. Ibig sabihin nito ay puwedeng makatipid ang mga kuwalipikadong kostumer nang hanggang $30 bawat buwan (hanggang $75 bawat buwan sa kuwalipikadong mga lupain ng Tribo) sa karamihan ng mga planong alok namin. Kasama riyan ang aming pinakamabilis na mga planong AT&T Fiber, na may bilis na hanggang 5-Gig sa mahigit 70 lugar na siyudad. [2]

Puwede ring piliin ng mga kostumer na ilapat ang kanilang benepisyo sa ACP sa kanilang AT&T Prepaid o Cricket Wireless na plano. Limitado ang benepisyo sa isa sa bawat sambahayan.

Kasalukuyan akong tumatanggap ng Emergency Broadband Benefit (EBB). Ano ang kailangan kong gawin?

Wala sa ngayon. Mananatiling pareho ang kasalukuyan mong benepisyo hanggang Ika-1 ng Marso. Para matanggap ang benepisyo ng ACP mula sa Ika-1 ng Marso, maaari kang kontakin ng Universal Services Administrative Co. (USAC) para beripikahin ulit kung karapat-dapat ka. Kung kuwalipikado ka sa ilalim ng EBB na pamantayan sa pansamantalang pagkawala ng kita dahil sa COVID, kakailanganing beripikahin ulit ng National Verifier kung karapat-dapat ka sa ilalim ng ibang pamantayan bago ang Marso 1.

Ang pangunahing bagay na tatandaan ay bababa ang buwanang subsidiya sa programa ng EBB na mula $50 na maximum hanggang $30 sa ilalim ng ACP sa Marso 1 (walang pagbabago sa benepisyo ng Tribo).

© 2022 AT&T Intellectual Property. All rights reserved. AT&T and the Globe logo are registered trademarks of AT&T Intellectual Property.

Ano ang sinasabi ng mga tao:

Ayon kay Ebony Ford mula sa Atlanta, nagbigay ng napakahalagang suporta ang Access mula sa AT&T nang kailangang-kailangan niya ito: "Wala akong kotse, walang trabaho, walang pera, walang internet. Natuklasan ko ang programang Access mula sa AT&T. Iyon ang nagdulot sa akin para magawa kong makapag-apply para sa mga benepisyo, makahanap ng mga programa sa pangangalaga ng bata, makahanap ng mga trabaho, makadalo sa pagsasanay. Literal na ito ang naging pundayon ko para makabangon muli. Nagsimula ito sa Access mula sa AT&T." Panoorin ang video na ito para makita ang iba pang patotoo ni Ebony.

Cheryl Choy, SVP-Broadband Management & Strategy: "Mahalagang hakbang ang paggawa sa internet sa bahay na abot-kaya para sa mga sambahayang maliit ang kita tungo sa pagtatapos ng pagkakahiwalay ng mga tao sa panahon ng internet. Ang bagong Access mula sa AT&T na plano ay nagbibigay ng pinahusay na mga bilis, walang data cap at umaayon sa benepisyong ACP ng pederal. Puwedeng ang libreng serbisyo sa internet ang magbibigay ng kaibahan sa paggawa sa takdang-aralin, paghahanap ng trabaho, o pagtanggap ng medikal na pangangalaga."

Ano pa ang ginagawa ng AT&T para makatulong na tapusin ang pagkakahiwalay ng mga tao sa panahon ng internet?

Ang AT&T ay may 3-taon, $2 billion na pangakong tugunan ang pagkakahiwalay ng mga tao sa panahon ng internet sa pamamagitan ng aming mga murang alok na broadband, pagsali sa ACP at mga kontribusyon sa kawanggawa sa pamamagitan ng programang AT&T Connected Learning.

Mababasa mo ang higit pa sa aming ginagawa para tapusin ang pagkakahiwalay ng mga tao sa panahon ng internet dito.

***Tungkol sa AT&T Communications**

Araw-araw naming tinutulungan ang magkakapamilya, magkakaibigan at magkakapitbahay na makapag-ugnayan sa mga makahulugang paraan. Mula sa unang pagtawag sa telepono 140+ na taon na ang nakararaan hanggang sa mobile video streaming, gumagawa kami ng pagbabago sa @ATT para pahusayin ang

© 2022 AT&T Intellectual Property. All rights reserved. AT&T and the Globe logo are registered trademarks of AT&T Intellectual Property.

buhay. Ang AT&T Communications ay bahagi ng AT&T Inc. (NYSE:T). Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin kami sa att.com.

Mga Pasubali

[1] Ang mga Access Plan 10Mbps at mas mas mababa ay may mga allowance sa data. Ang mga kostumer na lalampas sa mga allowance na iyon ay maaaring gumastos ng $10 na bayarin. Hanggang Abril 30, 2022, isasantabi ng AT&T ang mga bayarin sa paglampas sa data para sa mga kostumer ng Access AT&T na iyon.

[2] Limitado ang kahandaang pagkagamit sa mga piling lugar. Kinakatawan ng mga sinasabing bilis ng internet ang maximum na mga kakayahang bilis sa serbisyo ng wired na network sa tahanan at inirerekomendang setup. Hindi garantisado ang aktuwal na mga bilis sa kostumer. Maximum na bilis ng solong wired na device ang 4.7Gbps. Bisitahin ang att.com/speed101 para sa mga detalye

Para sa karagdagang impormasyon, kontakin si:

Jessica Swain
AT&T Corporate Communications
Telepono: (415) 613-4267
Email: js056a@att.com

© 2022 AT&T Intellectual Property. All rights reserved. AT&T and the Globe logo are registered trademarks of AT&T Intellectual Property.

© 2022 AT&T Intellectual Property. All rights reserved. AT&T and the Globe logo are registered trademarks of AT&T Intellectual Property.